Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

1

# MTB

## Quarter 4 - Week _
## Modyul _
## Pagtukoy, Pagbibigay Kahulugan at Paggamit ng Tambalang Salita sa Pangungusap

**Kompetensi:** Natutukoy, naibibigay ang kahulugan at nagagamit ang tambalang salita sa pangungusap.
MT1VCD-Iva-i-3.1 Quarter 4 Week _



**Department of Education • Republic of the Philippines**

MTB-MLE 1- Grade 1
Alternative Delivery Mode
Quarter 4- Week _
Module _ – Tambalang Salita
Competency Code: MT1VCD-IVa-i-3.1 Quarter 4 Week _

**First Edition, 2019**

**Republic Act 8293, section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by the Department of Education
Secretary:
Undersecretary:
Assistant Secretary:

**Development Team of the Module**

**Authors:** ______________________
**Editor:** ______________________
**Reviewers:** ______________________
**Illustrator and Layout Artist:** ______________________
**Management Team:** ______________________

**Printed in the Philippines by** ______________________

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**

Office Address: ______________________
______________________
Telefax: ______________________
E-mail Address: ______________________

# 1

# MTB

## Quarter 4 – Week _
## Modyul _

## Pagtukoy, Pagbibigay Kahulugan at Paggamit ng Tambalang Salita sa Pangungusap

This instructional material was collaboratively developed, adapted, revised and reviewed by the Schools Division Office of Cagayan. We encourage teachers and other education stakeholders to email their feedback, comments, and recommendations to the Department of Education at action@deped.gov.ph.

**We value your feedback and recommendations.**

**Department of Education • Republic of the Philippines**

## Panimulang Salita

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda para sa mag-aaral ng Unang Baitang batay sa K to 12 Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon ng Republika ng Pilipinas. Layunin ng modyul na magabayan ang mga bata na matukoy, maibigay ang kahulugan at magamit ang mga tambalang salita sa pangungusap.

JUNIVIN B. UY

# Modyul _
# Pagtukoy, Pagbibigay Kahulugan at Paggamit ng Tambalang Salita sa Pangungusap




Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang matukoy, maibigay ang kahulugan at magamit ang mga tambalang salita sa pangungusap. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatulong sa iyo upang matukoy, maibigay ang kahulugan at magamit ang mga tambalang salita sa pangungusap.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagtukoy, Pagbibigay Kahulugan at Paggamit ng Tambalang Salita sa Pangungusap

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Matutukoy ng mga tambalang salita sa pangungusap.
- Makapagbibigay ng kahulugan ng tambalang salita.
- Makagagamit ng tambalang salita sa pangungusap.




PANUTO: Pag-aralan ang mga sumusunod na larawan.

1.




2.




3.



4.




5.




Ang dalawang makaibang salita ay maaaring pagsamahin upang makabuo ng bagong salita na may bagong kahulugan.

Ang tawag dito ay **tambalang salita**.

Karaniwang mayroong **gitling** (-) ang mga ito.




**PANUTO: Ikahon ang tambalang salita na ginamit sa pangungusap.**

Halimbawa:

*Marangal na hanapbuhay ang pagsasaka.*

1. Si Nina ay balat-sibuyas tuwing siya ay napapagalitan.

2. Napakaganda ng bahaghari na tanaw sa aming bakuran.

3. Tinutulungan ako ng aking kapatid na matapos ang aking takdang-aralin.

4. Agaw-pansin ang bilang ng mga tao sa palengke.

5. Tuwing hapon, naglalaro kami ng luksong tinik.






PANUTO: Pagtambalin ang bawat salita sa HANAY A sa isang salita sa HANAY B upang makabuo ng tambalang-salita.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| silid ● | ● buhay |
| sirang ● | ● bahay |
| agaw ● | ● aralan |
| takip ● | ● silim |
| kapit ● | ● plaka |
| madaling ● | ● sulong |
| lakad ● | ● bukid |
| urong ● | ● araw |
| dalagang ● | ● palaka |
| boses ● | ● pagong |




PANUTO: Tukuyin ang tambalang salita gamit ang larawan. Isulat ang sagot sa patlang.








PANUTO: Isulat sa patlang ang tambalang salita gamit bilang gabay ang ibinigay na kahulugan.




1. Nakikita matapos umulan ____________________



2. Mahina ang pag-iisip ____________________



3. Nagbibingi-bingihan ____________________



4. Maawain ____________________



**5. Magnanakaw** ____________________



**6. Sintunado o wala sa tono** ____________________



**7. Pagsulyap ng isang tao na hindi nalalaman** ____________________




PANUTO: Isulat sa patlang ang salitang maaaring itambal sa ibinigay na salita upang makabuo ng tambalang salita. Pumili mula sa mga salita sa kahon. Gamitin bilang gabay ang ibinigay na kahulugan.

| | | |
|---|---|---|
| basag | pawis | palad |
| tabing | kahoy | puso |

| TAMBALANG SALITA | KAHULUGAN |
|---|---|
| 1. punong______________ | halamang may mga sanga at dahon |
| 2. ____________-ulo | away na pisikal |
| 3. bukas-_____________ | palabigay |
| 4. anak______________ | manggagawa o magsasaka |
| 5. _____________-dagat | dalampasigan |
| 6. taos-______________ | nagmumula sa tunay at taimtim na damdamin |




Ang bahaging ito ng modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutunan upang malaman kung ikaw ay magpapatuloy sa susunod na modyul o hindi. Kapag nakakuha ka ng **10-15**, magpatuloy, **0-9**, ulitin ang modyul.

**A. PANUTO: Tukuyin ang tambalang salita. Kulayan ang tambalang salita sa pangungusap.**

1. Nanguna si Hetty sa pagsasaayos ng silid-aralan.
2. Ang hito ay isang isdang tubig-tabang.
3. Ang mayamang matanda na nakatira sa palasyong iyan ay matapobre.
4. Maganda ang tanawin sa bukid tuwing takip-silim.
5. Dahil sa hindi ka nakikinig sa mga sinasabi ng nanay mo, para tuloy siyang sirang-plaka.

**B. PANUTO: Ano ang ibig-sabihin ng bawat tambalang-salita? Isulat ang titik ng sagot sa patlang.**

____1. palo-sebo

a. isang palaro
b. mapangmataas
c. anak ng isang maralita

____2. buto't balat

a. gutom na gutom
b. taba na taba
c. payat na payat

____3. hanapbuhay

a. nawawala
b. trabaho
c. bahay

____4. tubig-alat

a. tubig na malamig
b. tubig na galing sa gripo
c. tubig galing sa dagat

____5. takdang-aralin

a. isang gawain na kailangang isaulo
b. isang gawain sa bahay na ibinigay ng guro
c. isang gawain na kailangang gawin sa paaralan

**C. PANUTO: Basahin ang bawat pangungusap at isulat ang sagot sa patlang bago ang bawat bilang. Pumili ng tambalang salita na nasa kahon upang makumpleto ang diwa ng pangungusap.**

| | | |
|---|---|---|
| hanapbuhay | sirang-plaka | silid-tulugan |
| ningas-kugon | buto't balat | |

1. Makinig ka nang mabuti upang hindi ako parang ______________________, paulit-ulit.

2. Hindi mahilig si Nonoy gumala dahil aniya siya ay may ________________________.

3. Nakahanda na ang ______________________ para sa mga bisita ngayong gabi.

4. Ang pagiging ___________________________ ni Albert ang dahilan kung bakit hindi matapos tapos ang proyekto.

5. Ang mga _________________________ na mga bata ay kailangang sumailalim sa isang programa laban sa malnutrisyon.

## *References*

K to 12 MELC

teacherabiworksheets.blogspot.com

https://www.dreamstime.com/illustration/children-writing.html

spireuplearning.blogspot.com/2017/07/mga-tambalang-salita.html

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education – (Bureau/Office)

(Office Address)

Telefax:

Email Address: